*Finally*

# Cristo Jesus, ang Anak ni David

**WEEK 2**

## WARM-UP

- Anong mga katangian ang madalas mong hinahanap sa isang hari, pangulo, o pinuno?
- Ano ang pinakamataas na posisyon ng kapangyarihan ang naibigay na sa iyo? Ano ang pinakamakabuluhang bagay ang nagawa mo habang nasa posisyong ito?
- Kung may kilala ka na isang pinunong may kapangyarihang baguhin ang buhay mo, ano ang hihilingin mo sa kanya?

## WORD

*Ito ang talaan ng mga ninuno ni Jesu-Cristo na mula sa angkan ni David. Si David ay mula sa lahi ni Abraham.*
**MATEO 1:1**

[12]*Kapag namatay ka at ilibing kasama ng mga ninuno mo, ipapalit ko sa iyo ang isa sa mga anak mo, at patatatagin ko ang kaharian niya.* [13]*Siya ang magpapatayo ng templo para sa karangalan ng aking pangalan, at titiyakin ko na ang kanyang angkan ang maghahari magpakailanman.*
**2 SAMUEL 7:12–13**

Sa pagpapakilala niya kay Jesus bilang *mula sa angkan ni David*, tiniyak ni Mateo na si Jesus ay mula sa maharlikang angkan at may kaugnayan ito sa kasunduan ng Diyos sa Israel. Ipinangako ng Diyos kay David ang isang anak—ang paparating na hari na magtatatag ng isang kahariang walang-hanggan. Sa pag-uugnay ni Jesus kay David, binigyang-diin ni Mateo na si Jesus ang ipinangakong Hari na galing sa angkan ni David. Si Jesus ang magtatayo ng tunay na bahay ng Diyos. Ito ay isang espirituwal at hindi pisikal na templo na binubuo ng mga mananampalatayang ibinukod para sa Kanya. Sa araw na ito, titingnan natin ang dalawang dahilan para ipagdiwang ang kapanganakan ni Jesus, ang Hari na ipinangako ng Diyos sa Kanyang bayan.

## 1 Si Jesus ang ipinangakong Hari na matagal nang hinihintay ng mga tao.

*[12]Kapag namatay ka at ilibing kasama ng mga ninuno mo, ipapalit ko sa iyo ang isa sa mga anak mo, at patatatagin ko ang kaharian niya. [13]Siya ang magpapatayo ng templo para sa karangalan ng aking pangalan . . .* **2 SAMUEL 7:12–13**

Tulad ng mga Israelita na gustong magkaroon ng sariling hari, ang mga tao ngayon ay naghahanap din ng iba't ibang mga pinuno para sila ay magabayan at mabigyan ng seguridad. Gayunpaman, nakikita natin sa kasaysayan na bihira lang ang mga dakilang pinuno. Nangako ang Diyos kay David na magkakaroon siya ng apo na magtatatag ng kahariang walang-hanggan. Nang marinig ito ng mga tao, hinintay ng bayan ng Israel ang isang haring mamumuno nang tapat dito sa mundo at tatalo sa kanilang mga kaaway. Ngunit si Jesus ay hindi lang simpleng pinuno na tao. Siya ay Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon na maghahari nang *may karunungan, at paiiralin Niya ang katuwiran at katarungan* (Jeremias 23:5) sa mundong ito. Sa wakas, kay Jesus ay natagpuan natin ang Hari na pinakahihintay natin—Siya na maghahari nang may pagmamahal at katarungan, at magdadala ng presensya ng Diyos sa ating mga buhay. Kailan ka huling naghintay na baguhin ni Jesus sa iyong sitwasyon? Anong nangyari at paano ipinakita ni Haring Jesus na Siya ang may hawak ng bawat detalye ng iyong buhay?

## 2 Si Haring Jesus ang mamumuno at maghahari magpakailanman.

*Siya ang magpapatayo ng templo para sa karangalan ng aking pangalan, at titiyakin ko na ang kanyang angkan ang maghahari magpakailanman.* **2 SAMUEL 7:13**

Hindi tulad ng mga makamundong pinuno, na ang paghahari ay panandalian lang at madalas ay maraming kabiguan, ang paghahari ni Jesus ay permanente at hindi matitinag. Ang paghahari Niya magpakailanman ang nagpapatunay na ang kaharian ng Diyos ay sigurado at hindi kailanman babagsak o mapapalitan. Ang *templo* na binubuo ni Jesus ay hindi lamang isang pisikal na istraktura kundi isang espirituwal na tirahan—ang Iglesiya—kung saan naninirahan ang Diyos kasama ang kanyang bayan. Dahil dito, makakaasa tayo at mapapanatag dahil alam natin na sakop tayo ng pamumuno ng isang Hari na hindi tayo kailanman bibiguin. Ang Kanyang perpekto, tapat, at mapagmahal na pamumuno ang nagbibigay sa atin ng lakas ng loob na harapin ang kawalan ng katiyakan at mga hamon. Kahit ano pa ang mangyari sa mundo, alam natin na si Haring Jesus ang namumuno at magtatagal ang Kanyang kaharian. Ano ang sinasabi ng Isaias 9:6–7 tungkol kay Jesus at sa Kanyang kaharian?

## APPLICATION

- May mga kailangan ka bang isuko kay Jesus, ang Hari ng iyong buhay? Ano sa palagay mo ang ipinapagawa sa iyo ni Haring Jesus tungkol dito?
- Ipinagkakatiwala mo ba ang iyong pag-asa at seguridad sa mga taong pinuno nang higit pa kay Jesus? Ano ang babaguhin mo bilang resulta ng natutunan mo ngayon?
- Ngayong linggo, isulat ang pangalan ng mga kaibigan o kapamilya mo na kailangang makaranas ng kapayapaan at seguridad na nagmumula sa pagkilala kay Jesus bilang Hari na mamumuno magpakailanman. Ano ang magagawa mo upang makipag-ugnayan sa kanila sa mga darating na araw?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa pagtupad Niya sa pangakong ipapadala Niya si Jesus upang maghari sa mundo nang may katarungan at pagmamahal. Hilingin sa Kanya na bigyan ka ng matatag na pananampalataya na Siya lang ang may kapangyarihan kahit iba ang nakikita mo sa mga pinunong nakapaligid sa iyo.
- Manalangin na mas marami pang tao na may takot sa Diyos ang malagay sa mga posisyon ng pamumuno. Manalangin para sa mga maka-Diyos na pinunong sasalamin kay Cristo at mamumuno nang may karunungan, katuwiran, at katapatan.
- Ipagdasal ang dalawa o tatlong kakilala mo na naghihintay na kumilos ang Diyos sa kanilang mga buhay. Ipanalangin na makita nila kung sino talaga si Jesus at lubos silang manalig sa Kanya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Romeo Mercado, Mona Pondales

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.